

1

“Hi, Robyn,” bati ng isang mestisahing babaeng napadaan sa unahan ng bleachers na kinauupuan ni Robyn kasama ang mga varsity players. Ngumiti lang siya bilang tugon sa pagbati nito. Nang makadistansya ang babae ay saka nagkantiyawan ang teammates niya.

“Ba’t hindi mo pa kasi patusin ’yun, Robyn? Halata namang malakas ang tama sa iyo,” hirit ng kanilang point guard na naupo pa sa tabi niya.

“Simple. Hindi ako pumapatol sa kabaro ko.” Kahit mukha siyang lalaki, ang puso niya ay babaeng-babae.

Noong high school, panahon ng identity crisis, sinubukan niyang manligaw ng babae. Pero hindi kinaya ng sikmura niya. Iyon nga lang, hindi rin mapangatawanan ni Robyn ang magpaka-feminine, bagay siguro na nagpapa-confuse sa mga babaeng gaya ni Meg na nagpapansin sa kanya kanina lang.

Sa taas na 5’6”, morena at atheletic na tindig, kung magdadamit babae lang ay hindi siguro malayong magustuhan din siya ng mga kalalakihan.

“Guys, tingnan n’yo, masama na naman ang tingin sa atin ni Travis,” sabi pa ni Gina. Inginuso nito ang center ng varsity boys basketball team. Ito ang boyfriend ni Meg.

“Ang guwapo naman niya para ma-insecure sa gaya ko,” sabi niyang nangiti na lamang sabay alis ng tingin sa binata.

Ang totoo, nang una niyang makita si Travis, parang na-love at first sight siya rito. Sa kisig at porma, papasang *Hollywood* actor ang binata. Noong bago pa lamang siya sa team ay hindi siya makapagsalita sa presence nito. Pero sa tagal ng kanilang pinagsamahan sa iisang koponan ay napag-aralan na niyang maging kaswal kapag nasa paligid ito. She was hoping na kasama ng pagiging kaswal ay nawala na rin ang kung anumang damdaming naramdaman niya rito noon.

Halos mapanaginipan niya ito noon, araw-araw. Noon iyon, noong first year college siya. Ngayong last year na niya sa school, kinalimutan na niya ang paghanga rito. Lalo na nang makasama niya ito sa mga practice game. Nalaman niya na ang tipo nitong babae ay iyong parang prinsesa. Malayong-malayo sa boyish niyang kilos.

Kung dati ay hindi siya makapagsalita sa harap

nito, ngayon ay napag-aralan na niyang balewalain ang nakikita at isantabi ang kung anumang paghanga niya rito noon.

“Mas pretty boy ang dating mo kaysa sa kanya kung tutuusin. Kung hindi ko nga lang alam na babae ka, ako na manliligaw sa 'yo,” ani Wena.

Natigil ang kantiyawan nang mag-ring ang bell.

Papunta sa klase, mag-isang naglalakad si Robyn nang may umabri-siete sa braso niya. Si Megan, matamis na naman ang pagkakangiti sa kanya. Sa totoo lang, medyo natatakot na siya sa babae. Sinikap niyang kumalma. Hindi rin kasi niya ito kayang soplalin.

“Meg, ikaw pala.” Kunwa’y nagulat siya.

“Papasok ka na? May klase ka sa Arts Building, di ba? Sabay na tayo.”

Alam niyang alam nito ang kanyang schedule.
Nagtanong pa...

“Si Travis nga pala, bakit hindi mo kasama?”
Ipinahalata na lang niya ang pagkairita.

“Mas gusto kita kasama, eh.” Nag-ipit pa ito ng

buhok sa tainga, parang nagpapa-cute.

Hindi na niya natagalan ang babae. Huminto siya at hinarap ito. “Meg, hindi ko alam kung kulang talaga ang turnilyo mo o sadya lang talagang ugali mong mang-inis. You have the most handsome guy in this campus ’tapos hinahabol-habol mo ako? Puwede ba, tantanan mo na ako?” Tinalikuran ang dalaga at mabilis na lumiko sa isang pasilyo.

Pinakiramdaman niya kung susunod ito. Nakahinga siya nang maluwag nang hindi ito lumitaw makalipas ang ilang minuto.

Nang dahil nga sa pag-iwas kay Megan, halos nakabisa na ni Robyn ang mga shortcuts papunta sa iba’t ibang building.

“Hirap maging heartthrob, ’no?” sabi ng nasa kanyang likuran. Si Jaycee, kabarkada niya.

“O, ikaw pala.” Nakipag-fist bump siya rito.

“Yun ba ’yung stalker mo? Maganda, ha,” sabi nito, tinutukoy si Megan. Transferee ito, pero kaibigan na niya mula high school.

“Maganda nga, tanga naman. Ang gandang lalaki ng boyfriend, ako pa ang pinagtitripan. Hindi naman ako pumapatol sa babae. Lalo na sa magandang

babae. Nai-insecure ako.” Inirapan niya si Jaycee.

Isinuklay ni Robyn ang kamay sa buhok niyang bagsak na tumatabon sa mukha niya.

“Yan. Sa mga ganyang gestures mo siguro humahanga ang Megan na ’yun,” pang-aasar pa nito.

“Magtigil ka nga diyan. Tara na at baka mahuli na naman tayo.”

Pagdating sa classroom ay gusto niyang muling lumabas. Nandoon si Meg sa kanyang paboritong puwesto. Kumaway pa ito sa kanya at sumenyas na doon siya maupo. Hindi niya ito pinansin kaya ganoon na lang ang pagdadabog nito.

“Mukhang hindi nagustuhan ng admirer mo ang pag-upo mo dito,” banat ni May, isa pa niyang barkda.

Pumukol kasi ng masamang tingin si Meg sa gawi nila.

“Hayaan mo siya. Siya lang naman ang nagmumukhang ewan sa ginagawa niya. Kinikilabutan na nga ako sa ginagawa niyang pasunod-sunod sa akin. Hindi ko alam bakit pinapayagan siya ng bf niya.”

“Ikaw ba naman ang may ganyan ka-cute na face. Ganyan pa ang gupit. Naging kasing-guwapo mo tuloy si Travis,” natatawang sabat ni Eunice, best friend ni May. Nakikinig pala ito sa kanila.

Nailing na lamang si Robyn.

Nang matapos ang klase ay nag-marathon silang apat papunta sa kotse ni Jaycee. Humihingal silang sumakay sa kotse.

“Kakaiba ’yang tagahanga mo, Robyn, ang hirap takasan,” sambit ni Eunice na katabi ni May sa back seat.

“Sinabi mo pa. Ewan ko ba kung bakit hindi na lang siya makontento. Kung ako ang may boyfriend na kagaya ni Travis, hindi na ako titingin sa iba.”

Natahimik ang mga kasama niya, nagkatinginan at nagpalitan ng makahulugang ngiti.

“Wait! Don’t get me wrong. Wala akong gusto kay Travis,” depensa ni Robyn.

“Wala naman kaming sinasabi, ah,” ani Jaycee na lalong nagpalawak ng pagkakangiti ng dalawa.

“Okay, fine.” Sumandal na lang si Robyn sa back rest ng upuan. Nagtawanan ang tatlo sa inasal niya.

May pagtingin nga siya kay Travis pero matagal na niyang pilit kinalimutan iyon. Isang malalim na buntong-hininga ang pinawalan niya.

“Mailap talaga ang isang ’yun!” reklamo ni Megan sa mga kaibigan.

“Meg, sinabi na namin sa iyo, iba si Robyn. Paano ’yan, give up ka na ba?” tanong ni Candy, isa sa mga tropa niya.

“No way! Ipapakita ko sa inyo sasamba din ’yan sa kagandahang ito.”

“Whatever, Megan.”

“Hindi kaya iniiwasan ka ni Robyn dahil kay Travis?” tanong ni Bernadette. “Kasi sa pagkakaalam ko, kapag ang girl ay gf na ng isa sa member ng varsity team, hindi na puwedeng pormahan. To keep the harmony.”

“Gan’un ba? Eh, di ibi-break ko muna si Travis para maakit si Robyn. Kapag nanalo na ako sa pustahan, saka ako makikipagbalikan kay Travis,” ani Megan na ikinalaki ng mga mata ng mga nakikinig.

“You’ll risk losing Travis for Robyn?”

“Well, ang katumbas ni Robyn ay isang laptop at isang latest version ng *iPhone*, so why not? And besides, hindi naman ako totally makikipaghiwalay kay Travis, makikipag-cool off lang ako sa kanya. And knowing Travis, he loves me so much. He won’t let me go that easy. Kaya, girls, pag-ipunan n’yo na, ha.”

Right after merienda ay pumunta si Megan sa gym. Kinausap nito ang nobyo. Hindi alam ni Travis na matapos ang pag-uusap na iyon ay magbabago ang lahat. Hindi siya makapaniwala na ganoon lang kadaling tinalikuran ni Megan ang kanilang relasyon.

Sa sama ng loob ay pinagsusuntok niya ang pader ng dugout nila.

“Tama na ’yan, pare,” pigil ni Brandon.

“Napakawalang sense naman kasi ng reason niya to break up with me. Para niya akong pinaglalaruan,” sabi ni Travis na pilit kinalma ang sarili.

“Alam niyang mahal na mahal mo siya para basta mo na lang siya pakawalan kaya malakas ang loob niya na makipag-cool off nang walang dahilan,” ani Mike na nakaupo sa lamesa ng kanilang coach.

“O baka naman kaya siya naki-pag cool off,

eh, dahil gusto niyang makasiguro na lalaki nga ang preference niya at hindi babae. Di ba kasi nagpapapansin siya kay Robyn?” komento ni Brett, ang kanyang best friend.

“Don’t tell me this is all about Robyn?”

“Who knows?” ani Brandon.

Nagkibit-balikat lang si Brett. “I could be wrong, pare.”

Ano bang meron kay Robyn na wala ako? Mahal niya si Megan, pero parang balewala rito ang lahat ng effort niya para paganahin ang pagsasama nila. Harap-harapan kung ipakita nito ang paghanga kay Robyn.

What’s with Robyn anyway?

2

“Uy, Robyn, balita namin as of yesterday, officially wala na si Travis at si Megan,” balita ng teammates niya pagdating niya sa gym.

Ipinagkibit-balikat niya lamang iyon at naghanda na para sa practice.

“Hindi ka man lamang nag-react diyan o nabigla na wala na sila,” ani Wena.

“Bakit naman ako magre-react?” Kung siya nga si Travis, simula pa lang nang magpakita ng motibo sa iba si Megan, dinispatsa na niya ito. “Normal ’yun sa magkarelasyon. Dumarating sa point na ayaw n’yo na.”

“Talaga? Parang alam na alam mo, ha?”

“Napapanood ko lang sa TV,” pabirong sabi niya. “At saka, dapat ba akong maapektuhan sa paghihiwalay nila?”

“Well, may kumakalat kasing... speculations? Ikaw daw ang reason ng break up nila,” sabat ni Toni, ang team captain nila.

“Uh-huh. Kaya dapat maging concerned ka,” sabi

pa ni Wena.

“Sinasabi lang namin sa ’yo dahil baka magbago ang isip mo about Meg...” komento ni Paula na ikinainit na ng ulo ni Robyn.

Tiim-bagang na humarap siya rito. “Wala akong gusto kay Megan. At hindi ako pumapatol sa babae.” Nilayasan niya ang mga ito at tinungo na lang ang CR.

Buong duration ng practice ay hindi umiimik si Robyn. Ginagawa niya lang ang ipinagagawa ng coach. Hindi rin siya ngumingiti at wala siyang binabati. Nang matapos ang practice ay nauna na siyang umalis nang hindi man lamang naliligo.

Sa di kalayuan ay nakamatyag ang team ng mga lalaki. Napansin din ng mga ito ang pananahimik ni Robyn. Dahil sa nangyaring break up, naging instant celebrity ito. Lahat ay tila nakaabang sa susunod na kabanata.

“Ano’ng topak ni Robyn? Mukhang di pa nagku-cool down ay umalis na,” ani Brandon kay Wena nang lapitan ang dalagang nagsu-shoot ng free throws.

Nasa malapit lang sina Brett at Travis, baka nga naririnig ang usapan ng dalawa.

“Napagkaisahan kasing tuksuhin ng team. Hindi

namin alam na mapipikon pala,” sagot ni Wena.

“Talaga. Bakit, ano bang naitukso ninyo sa kanya?” tanong muli ni Brandon na sinalo ang bola mula sa ilalim ng ring at ibinato iyon pabalik kay Wena bago patakbong lumapit dito.

“Ah. ’Yun?” Tumingin ang dalaga kay Travis. “No offense, Travis, ha. Alam naman ng buong team ang pagpapa-cute ni Meg kay Robyn. So sabi namin, may chance na silang magkalapit ngayon ni Megan kasi wala na kayo. Eh, nag-amok ang lola mo. Isaksak daw namin sa kukote namin na wala siyang gusto kay Meg at hindi raw siya pumapatol sa babae. ’Yun. ’Tapos right after practice, bigla nang umalis.” Nagpatuloy na ito sa pagsu-shoot ng bola.

Nagkatinginan ang tatlong binata.

“Pare, mukhang mali yata tayo ng hinala.” Nasa isawan na silang tatlo nang sabihin iyon ni Brett.

“May naisip akong magandang ganti kay Megan.” Si Brandon, plastado ang pilyong ngiti sa labi.

“Ano naman ’yun?” tanong ni Brett.

“Paligawan natin dito kay Travis si Robyn. Karibalin niya si Megan. Since hindi pumapatol

si Robyn sa babae, baka sagutin niya si Travis. Masasaktan si Megan. Nawala na nang tuluyan si Travis sa kanya, bonus pang kasamang nawala si Robyn. Sounds like a plan, right?” Inihagis ni Brandon ang stick na nag-shoot sa basurahan. Pumalakpak pa ito.

“At paano naman ang feelings ni Robyn in case na ma-in love siya nang totoo kay Travis, ha? Isa pa, alam ng lahat ang tipo ni Travis sa babae. Malabo ’yang sinasabi mo.” Uminom si Brett ng palamig.

“In the first place ayaw naman ni Travis kay Robyn, hindi siya mahihirapang iwan iyon. Tama ba, pare?” Bumaling si Brandon sa kanya.

Tinitigan lang ito ni Travis.

“Naku, umiral na naman ’yang ka-playboy-an mo. Kumain ka na nga lang,” sabi ni Brett dito.

Matapos ang practice ay pumunta si Robyn sa kanyang sanctuary. Iyon ang park na malapit sa university nila. Tahimik siyang umiinom ng pineapple juice habang nakaupo sa bench sa lilim ng isang puno nang sumulpot si Megan.

“Nag-iisa ka yata?” tanong nito.

Hindi siya sumagot, nag-iisip na kung paano ito takasan.

“I took the opportunity to talk with you. Narinig mo na ba ang balita?” patuloy nito.

“Tungkol saan?” tanong ni Robyn na sinaid ang natitirang laman ng lata ng pineapple juice.

“Break na kami ni Travis, Robyn. If he’s the reason why you won’t accept me, hiniwalayan ko na siya.”

Aba, matinde! Naramdaman niya ang pagtayo ng balahibo niya sa batok.

“Alam mo, Meg, tatapatin na kita. Naaalibadbaran ako kapag nakikita kita. I know matalino ka at hindi ka manhid. Hindi si Travis ang reason kung bakit iniwasan kita. It’s because hindi babae ako. Yun lang. Period.”

“That’s good. You’re starting to communicate. At least, nagiging open ka na sa akin,” sabi ni Meg na umusod pa palapit sa kanya. “Bakit hindi mo ’ko bigyan ng chance, Rob? Malay mo mag-click tayo,” giit nito, inabot pa ang kanyang kamay.

Tumayo na siya. “Meg, I am trying my best to tell you exactly how I feel about your craziness, pero naku, diyan ka na nga!” Tumakbo siya paalis sa park.

Ubod ng bilis na takbo ang ginawa ni Robyn. Natanaw niya ang silver *Toyota Altis* sa di kalayuan. Buti naman at doon nag-park si Jaycee.

Sumakay na siya agad sa kotse. “Tara na, Jay,” sabi niya, palinga-linga pa rin kung sinundan ba siya ng bruhan si Megan.

“Running from someone?” Napalunok si Robyn nang marinig ang baritonong boses ng nagtanong.

Dahan-dahan siyang bumaling sa driver’s side at halos mapagtad nang makilala ang nasa manibela. Si Travis. Iniisip niya ngayon kung saan siya mas safe, kanina sa park o ngayong kasama ang lalaki na ang tingin sa kanya ay karibal.

“Hey, na-starstruck ka ba? Bakit ka nagmamadali?”

“A-ano kasi, eh. Kasi si...” Hindi niya masabi ang pangalan ng nobya nito.

“Si Megan. I saw her enter the park, kaya nga sinundan ko siya. I was hoping to talk to her pero ’eto ka humahangos palabas. Bakit?” Mahinahon at walang bakas ng galit sa tinig nito.

Baka pinakamagandang magsabi siya rito ng totoo. Nagpakawala muna siya ng isang malalim na hininga bago nagsalita. “Your girlfriend was was

professing her love to me back there and I couldn't stand it. Kinikilabutan ako.”

Hindi agad nakasagot ang binata at nagpatuloy siya.

“Sorry kung kailangan mo pang marinig ito. Bakit ba hindi mo marendahan si Megan? Hindi ko alam kung ano ang nakain niya at sinusundan-sundan niya 'ko nang magsimula ang sem na 'to, pero gusto ko nang bumalik sa normal ang buhay ko. Do something about it or I'll get a restraining order to make her stay away from me,” litanya ni Robyn. “Bakit kasi pumayag kang makipag-break?”

Hindi namalayan ni Travis na napapangiti pala siya habang nakatitig sa makinis na mukha ng babae sa passenger seat. Bakit nga ba ngayon lang niya napansin na maganda ito?

“Magsalita ka!” utos nito, at ipinilig niya ang ulo at tumingin sa unahan.

“Well, wala naman kasi akong choice. Hindi na niya ako gusto so bakit ko pa ipipilit ang sarili ko sa kanya?” balik ng binata.

“Wow! Bakit hindi mo itinuro kay Megan 'yan bago kayo nag-break? Ipinipilit niya ang sarili niya sa taong hindi siya gusto.”

Tumaas ang sulok ng mga labi ni Travis. “May sarili siyang pag-iisip, pero gusto ko ring malaman kung ano nga ba ang nakita niya sa 'yo.” Nakita niyang namula ang mga pisngi ng dalaga at lalo itong gumanda sa paningin niya.

Nasisiraan na yata siya.

Tumikhim si Travis at binalingan ang katabi. “I mean, why would she throw herself at you—when you obviously don’t like her—samantalang alam niyang head over heels ang pagmamahal ko sa kanya.”

Napatitig sa kanya si Robyn, namimilog ang mga mata. He noticed that her irises were an unusual color. Makinang ang mga iyon at itim na itim, tulad ng kulay ng mahahaba nitong pilik-mata. Perpekto rin ang pagkakaarko ng mga kilay ng dalaga. Bumaba ang tingin niya sa mga labi nito at nakita niyang bahagyang nakabuka ang mga iyon.

Napalunok siya.

“Gan’un ka sa kanya? Talaga?” tanong nito na nagpagising sa binata sa pagkakatulala sa kaharap.

“She’s my girlfriend. Hindi ba dapat gan’un talaga ang maramdaman ko?” ani Travis.

Umismid si Robyn at pinaikot nito ang mga mata.

It made her look so cute.

“Well, nagulat lang naman ako. I didn’t peg you for a romantic. Kayo ng mga kaibigan mo, may pagka-playboy ang image n’yo.”

Napangiti muli si Travis sa sinabi ng dalaga.

“Sige, Travis. Sorry for bothering you. Akala ko kotse ito ng kaibigan ko. Hindi na siguro ako aabutan ng ex mong lukring. Nand’yan ka naman. Harangan mo kung sakali.” Pero bago makababa si Robyn ay hinawakan ni Travis ang kamay niya. Sa pagtatama ng mga mata nila ay tumalon nang double time ang puso niya. May effect pa rin pala ang lalaking ito sa kanya.

“I wish we could have talked under more preferable circumstances,” bulong ng binata bago tuluyang binitawan ang kanyang kamay. “See you.”

Tumango na lamang siya. Isinara niya ang pinto ng kotse nito at naglakad na. Natigilan siya nang makita kung sino ang kasalubong niya. Binilisan niya ang paglakad at hindi pinansin ang nanunuksong tingin ng barkada.

“Tama ba ang aming nakita? Kahahatid lang ng campus heartthrob kay Robyn Gomez? Hindi ba masyadong fishy naman ang mga pangyayari?” pang-

iiintriga ni Mitch.

“Magtigil nga kayo. It was a case of mistaken car identiy. Akala ko kay Jaycee ang kotse. I didn’t have time to check the plate number or the driver. I was running away from Megan. Grabe, nakakatakot na ang ginagawa niya,” sabi ni Robyn na pasalampak umupo sa mahabang bench sa kanilang tambayan.

“Eh, ano naman ang napag-usapan ninyo ni Travis? Kailangan talaga may hawak pa sa kamay?” tukso ni Eunice na pati iyon ay nakita pa pala.

“It’s nothing. Tropa ko ’yun sa boys varsity. Natural gan’un kami ka-close,” depensa ni Robyn.

“Dati naman hindi, ah,” pang-aasar ni May na kanina ay nagbabasa. “Ayaw mo n’un? At least, lalaki na ang admirer mo.”

“Manahimik na nga lang kayo,” sabi niya sa mga ito.

3

Pakiramdam ni Robyn mas naging komplikado ang lahat sa paghihiwalay nina Travis at Megan.

Maaga siyang nagpupunta ng gym para sa practice nila. Championship na at iyon na rin ang huling laban niya para sa kanilang eskwelahan.

Wala pa ang mga teammates niya. Nag-warm-up muna siya habang hinihintay ang mga ito. Nagsisimula pa lang siyang mag-inat-inat nang makarinig ng kaluskos. Nang lumingon siya at makitang si Travis ang dumating, biglang bumilis ang pintig ng puso niya—bagay na akala ni Robyn ay nakontrol na niya.

“Good morning,” bati nito sa kanya.

Nginitian niya ito. Nawawala na naman ang dila niya. Ipinagpatuloy niya ang pagwa-warm-up.

“May nakita ka bang ka-team ko na dumating?” tanong muli nito na sinagot lang niya ng iling.

Naupo ito sa bleachers sa tapat ng puwesto niya. Pilit binalewala ni Robyn ang presence nito

“Starstruck again, Miss Gomez?” tanong nito sa kanya, nangingiti.

“Ha?” Natigil siya sa pagja-jumping jack sa sinabi nito.

“Kasi ngiti at iling lang ang sagot mo sa mga tanong ko. Maingay ka naman pag nand’yan ang teammates mo. Iba ka yata kapag kaharap ako,” saad nito, parang nang-aakit kung makatingin.

“What are you trying to say, Mr. Montelivano? Na tameme ako harap mo? No. Maaga pa lang para dumaldal. At hindi kita trip kausap,” asar na sagot ni Robyn.

Tiningnan niya pa nang masama ang binata pero nag-iba rin kaagad siya ng tayo dahil hindi niya matagalan ang magagandang mata nito.

Hindi namalayan ni Travis na ikinukumpara na pala niya ang sarili sa *karibal*. Hindi matatawag na matipuno ang katawan nito. Hindi rin ito mukhang tomboy kung siya ang tatanungin. Sexy nga ang pagiging toned nito. Parang flat na flat ang tummy nito sa ilalim ng jersey...

Napangiti nang pilyo ang binata.

She’s beautiful...

Gandang hindi nakakaumay.

Nailang si Robyn sa paraan ng pagtitig ni Travis

kaya pasimple siyang nagpasintabi rito.

“Sige, mauna na ako.” Naroon na rin ang kanyang ibang ka-team.

Nagkukulitan ang mga ito, pero pangalan niya ang kanyang naririnig.

“O, bakit na naman?” tanong niya sa mga ito.

“Mukhang lumalapit si Travis sa iyo, ah. ’Ayan, ha, hindi na babae ang itinutukso namin sa iyo,” sabi ni Wena.

“Hay naku. Kayo talaga. Lumapit lang ’yung tao binigyan n’yo na agad ng ibang kahulugan.” Nagiging controversial ang tahimik niyang buhay dahil kina Megan at Travis.

Nang magsimula ang practice ay kapansin-pansin ang pagdami ng taong nakaupo sa bleachers. Parang may laro ang varsity team sa dami ng nanonood. Warm up pa lang ay may mga naghihiyawan na. Umuugong ang gymnasium ng tuksuhan ng mga kadalagahan.

Dama ni Robyn na madami ang nakatingin sa kilos at galaw niya. Hindi na nakatiis, nilingon niya ang bleachers.

Muntik na siyang himatayin nang mabasa ang

nasa tarpaulin.

WE LOVE YOU, ROBYN!

At mas nakakahiya ang isang banner: MEG LOVES ROBYN ang nakasulat doon.

Ano ba namang kahihyanan ito! Hindi na siya nakapag-concentrate sa kanyang game. Sumenyas ng time out ang coach nang makuha niya ang bola.

“Coach, puwede bang palabasin n’yo sila? Nakakawala ng concentration,” bungad niya nang mag-huddle sila for the time out.

“Aba, dapat nga ay ganahan ka.”

“Rob, masanay ka na. Eh, p’ano kung game ito at may ganyang banner, di hindi ka na makakadiskarte? I bet hindi lang sa practice gagawa ng gulo si Megan. Pati sa mismong game natin,” sabi ng kanilang team captain.

“Okay. Pero puwedeng lumabas muna ako, Coach?” pakiusap ni Robyn

Pumayag naman ito.

Naupo si Robyn sa bench at malungkot na napatingin sa banner. Nag-o-overreact lang ba siya sa mga nangyayari?

Feeling ko pinaglalaruan ako ni Megan. Ano bang mapapala niya sa pagpapapansin sa 'kin?

“Bakit hindi ka naglalaro?” tanong ng naupo sa tabi niya.

Pati paglapit ni Travis hindi niya namalayan sa lalim ng iniisip niya.

“Wala lang. Nahihirapan siguro akong mag-adjust sa attention na nakukuha ko. Hindi ko maintindihan kung bakit pinahihirapan niya ako nang ganito.” Ibinalik muli ni Robyn ang tingin sa sangkatutak na banner sa harap niya.

“Paanong nahihirapan? Pakiramdam mo ba bibigay ka na?” tanong nito sa kanya.

Tinitigan niya ito nang matalim. “Hindi ko type si Meg, 'no!”

“Yun naman pala. Eh, di huwag mong ipahalatang apektado ka sa ginagawa niya. Knowing Megan, iniisip niyang malapit na niyang makuha ang gusto niya, which happens to be you.”

Tiningnan niya ang binata. Sa mga nagpa-practice nakatuon ang pansin nito. Kunsabagay, kilala nito si Megan kahit paano.

Tama si Travis. Kailangan makilalo lang siya.

Heartthrob Problems - Davy Felix

Tumayo siya at tinungo ang kanilang coach. Sinabi niya ritong okay na siya at handa na uling maglaro. Nang sumalang siya sa court ay naghiyawan ang mga tao.

“Nakakainggit naman si Robyn. Tinitilian ng mga magagandang members ng sorority,” sabi ni Joey na lumabas kapalit ng dalaga. Tumabi ito kay Travis.

“Well, ikaw na ang magkaroon ng tagahangang gaya ni Megan,” sagot ng lalaki.

Sa totoo lang, medyo nakaramdam ng hinanakit si Travis. Hindi niya naranasan ang ganoong pagpapahalaga mula kay Megan kahit noong sila pa. Pero hindi rin niya magawang magalit kay Robyn. Halatang ayaw nito kay Meg.

Matapos ang practice game ay nagpahinga si Robyn sa dug out at doon nanatili hanggang sa matantyang wala nang tao sa gym.

Sa tagal niyang naglalaro ng basketball ay ngayon lang yata niya naranasan ang tilian ng girls at pagkaguluhan hindi dahil sa game kundi dahil mismo sa kanya. At talagang ngayon lang may gumawa ng banner na para lang sa kanya!

Nakalimutan na niyang pasalamat si Travis kanina dahil na-encourage siya nitong bumalik

sa paglalaro. Saka na lang pag nagkita sila ulit. Nagpasya na siyang umuwi.

Mula sa eskwelahan, walking distance lang ang layo ng tinutuluyan niyang condominium. Habang naglalakad ay naisipan niyang tumambay sa kanyang sanctuary, ang park, at lumanghap ng sariwang hangin sa ibabaw ng guho ng dating kampanaryo na naroon. Malapit sa park ang bagong simbahan.

Maski malakas ang bali-balita na may nagpapakitang elemental doon pagsapit ng alas seis ng gabi ay hindi siya nagpapaawat na magpahinga roon.

Gaya ng nakagawian ay naupo siya sa tuktok ng lumang kampanaryo. May taas iyon na nasa 20 feet. Tago rin iyon kaya isa ito sa hideouts niya. Dito niya pinanonood ang paglubog ng araw.

Nakaupo siya habang nakatingin sa papalubog na araw. It was beautiful, very captivating. Masarap ang simoy ng hangin at... Hindi na niya natapos ang iniisip nang makarinig ng mga yabag. Lumingon-lingon siya, pero wala siyang nakita. Kinabahan siya at nagbutil ang pawis sa kanyang sentido.

Dahil sa namuong takot ay nagtalo ang isip niya kung susuungin na ang daan pababa. Baka

makasalubong pa niya kung sino man iyong nagpaparamdam. Tumalon na lang kaya siya para mas mabilis?

Luka-luka! Eh, kung mamatay ka? Sira pa ang beauty mo. At kailan pa siya natakot sa multo?

“Robyn?”

Napapitlag ang dalaga sa boses na tumawag sa kanya. Tinakasan siya ng lakas para gumalaw. Nasa imahinasyon lang ba niyang malaki ang tinig na tumawag sa kanya?

“Robyn!” Mas malinaw na iyon sa pangalawang beses at mas malakas. Lalong nawala sa huwisyo si Robyn.

Tatalon na lang ako!

Ngunit bago siya makatalon ay may humatak sa kanya at niyakap siya mula sa likod ng matipunong mga bisig.

“Hoy, Robyn!” Inalog-alog pa siya nito nang maiharap siya.

Doon na naglakas-loob na magmulat ng mga mata ang dalaga. “Travis?”

“Yes. What were you thinking? Don’t tell me dahil

lang sa problema mo kay Megan ay magpapakamatay ka? Okay ka lang?” tanong nito, bakas sa mukha ang pag-aalala.

“Hindi,” tanggi niya. “Na-nahilo lang ako sa pagod.” Ayaw niyang magmukhang katawa-tawa sa paningin nito.

Tinapunan niya ng tingin ang balak talunin kanina lang. Ang taas niyon! Napaatras siya nang malula. Noon niya napansin na nakayakap pa rin si Travis sa kanya. Magkahalong kaba at kilig ang nadama niya, bagaman kumawala na siya sa pagkakayakap nito at nauna nang bumaba rito.

“Ihahatid na kita pauwi,” sabi ng binata. “Buti na lang pala at ’andito ako kung nagkataon ay laman ka ng diyaryo kinabukasan,” sabi nitong nakasunod sa kanya.

“Hindi mo ako kailangang ihatid. I’m fine,” giit niya. *Kung hindi ka dumating hindi ko sana naisip na tumalon sa takot.*

“Are you sure? Hindi. Mag-aalala ako kaya ihahatid na kita. Sa’n ka ba nakatira?”

Natigilan, hinarap niya ito. “Bakit ka naman mag-aalala? Kaya ko ang sarili ko. At saka walking distance lang ang condo ko mula rito.” Tinitigan pa

niya ito sa mata.

Hindi maintindihan ni Travis kung bakit ganoon na lang ang epekto ng tingin sa kanya ni Robyn. Iwinaksi niya ang naiisip at pilit naghagilap ng ibang topic.

“You mean d’un ka nakatira sa condominium sa may kabilang kanto? Ihahatid na kita para makasiguro akong nakauwi ka nang maayos.”

“I’m really okay. And why do I get this feeling na concerned ka sa akin? Kakaribalin mo ba si Meg?” biro ni Robyn.

Naglalakad na sila palabas ng park.

“Nope. Alam mo ’yung kasabihang have your friends close and your enemies closer?” Inakbayan siya ni Travis.

“Ah, ganoon? So I’m your enemy? No, I don’t believe in that saying. Dapat pala lumayo ako sa ’yo.” Naiilang na tinanggal niya ang pagkakaakbay ng binata.

“I just want to know you better. I want to know what’s special about you that Megan chose you over me.”

“Alam mo gusto ko ding malaman ’yan, eh, para

maiwasan ko nang gawin at nang tantanan niya na ako,” ani Robyn. Nasa tapat na sila ng kotse ni Travis. “Ay nga pala, salamat sa sinabi mo kanina.”

“Ah, ’yun? Wala ’yun. Are you sure maglalakad ka lang.”

“Yup. Naisip ko, gabi na rin, kumain ka na ba ng gabihan? Gusto mong mag-dinner sa condo ko?” imbita ni Robyn sa binata.

Natigilan ito. “Hindi ba alangan na tayo lang dalawa sa condo mo?”

“Yun ang inaalala mo? Sino mag-iisip sa ating dalawa? They think I like girls. Iisipin nilang tropa kita. Para lang tayong magkapatid. At saka hindi ikaw ’yun tipo na magti-take advantage, di ba? Unless I turn you on.” Ngumisi si Robyn at inilapit ang mukha sa kanya.

Hindi agad nakasagot si Travis. She was so cute and with her lips partly open, parang nag-iimbita iyon ng halik.

What’s happening to me? naitanong ni Travis sa sarili. Pati ba naman si Robyn sweet and fragile ang tingin niya?

“Pero dahil alam kong hindi ako ang tipo mo,

welcome ka sa unit ko.” Nabigla rin si Robyn sa ginawi niya sa binata. Gusto niyang batukan ang sarili.

Sa condo, napansin ni Travis na napakalinis ng lugar maski may kaliitan iyon. May mini sala set na bubungad sa pagpasok, may pang-apatang tao na dining set sa kitchen at isang maliit na ref.

“Wow. You have a cool place here. Ikaw lang mag-isa dito?” tanong ni Travis. Tumango lang si Robyn bilang tugon. “Talaga? Nasaan ang family mo?”

Naupo ang binata sa dining table habang pinanonood siyang mag-prepare ng kanilang hapunan.

“Nag-migrate na sila sa US. Eh, kapapasa ko lang sa try outs ng girls varsity no’n. Kaya sabi ko, I’ll stay at saka na lang ako pupunta doon kapag tapos na akong mag-aral.”

“So you mean to say halos four years kang mag-isa lang dito? Nakaya mo?” May halong paghanga sa boses nito.

“Bakit ganyan ang reaksiyon mo? Para namang ang galing-galing ko.” Nagsalang siya ng bigas sa rice cooker. “Nga pala, hindi pa ako nakakapag-grocery. Bale ang maipapakain ko lang sa iyo ay *Spam* at

noodles. Pero kung gusto mo, order na lang tayo sa restaurant. What you think?”

Ang cute ni Robyn habang nakangiti. Iyon ang iniisip ni Travis. Para itong batang nagkamali at napahiya. He found her so adorable.

“Okay na ’yun,” sabi ng binata.

“Okay. Sa susunod na magyaya ako I’ll make sure meron akong ipapakain.” Inihanda ni Robyn ang kaserolang paglulutuan ng noodles at ang kawaling pagpriprituhan ng *Spam*. “Ikaw, hindi ka ba hahanapin sa inyo?”

“Ah, wala din akong pamilya dito. Nakatira sila sa Canada. Umuupa lang ako sa isang apartment sa Ortigas,” sagot ni Travis na binuksan ang lata ng *Spam*.

“Mukhang hindi ka sanay sa gawaing bahay. Paano ka nabubuhay mag-isa?”

“May kasambahay ako. Stay out nga lang,” sagot ng binata.

“Sosyal ka pala. Teka, Mr. Rich Kid, doon ka na muna sa sala at manood ng tv. Tatawagin kita pag tapos na ’ko dito,” taboy niya rito.

Walang nagawa si Travis kundi sundin ang gusto

ng dalaga. Hindi siya nanood ng tv. Pinagala niya ang mga mata niya sa kabuuhan ng unit.

Napansin niya ang isang photo album sa ilalim ng center table. Nilingon niya muna ang nagluluto sa kusina at saka isa-isang tiningnan ang mga pictures doon. Nakuha ng pansin niya ang isang picture ni Robyn, mahaba pa ang buhok nito. Graduation pic iyon, wallet size.

Hindi siya nagdalawang-isip na ibulsa ang nasabing litrato. Saktong sumilip si Robyn mula sa kusina.

“Food’s ready!” sabi nito. Gulat na napaharap si Travis sa babae at ibinalik ang album sa ilalim ng mesita. “O ba’t parang nakakita ka ng multo? Nakakatakot ba ang nasa mga pictures?”

“Hindi. Nagulat lang ako sa pagsulpot mo.” Tumayo na siya para dumulog sa hapag.

“Ay, sorry. Napalakas ba ang sigaw ko? Gutom na kasi ako.” Naupo na rin ang dalaga at nagsimulang sumandok ng pagkain.

Magiliw na tinitigan ni Travis si Robyn. May pagkabrusko kasi itong kumilos. Malayo talaga sa mga type niya. Kaya hindi niya malaman bakit ganoon na lang ang impact nito sa kanya. Napahinto

ito nang maramdamang nakatingin siya.

“Ako lang ba ang gutom dito? Kain na.” Sumubo na ito ng pagkain.

“Makita lang kitang busog, busog na din ako,” mula kung saan ay nasabi niya.

“Travis, hindi bebenta sa akin ang linya mong ’yan. Alam kong gutom ka din.” Isinandok na siya nito ng kanin at nilagyan ng ulam ang kanyang pinggan.

Napangiti ang binata. At muling natuwa ang puso ni Robyn sa simpleng ngiting iyon.